# Pananampalatayang Nakakapag-Palipat ng Bundok

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez-Elder Founder
Pebrero 24, 2024

Ang mga bundok ay talagang mahirap akyatin. Kaya naman, ang mga bundok ang naging simbolo ng kahirapan sa buhay. Gayunpaman, kahit sila ay malaki at hindi kayang lampasan, kung may pananalig tayong sing laki man lamang ng butil ng mustasa, masasabi natin sa bundok na ito, "Lumipat ka doon, at lilipat ito, walang bagay na hindi mangyayari" (Mt. 17:20). Mapagtatagumpayan ng pananalig ang lahat nating problema. Ito ang mga pagkakataong magpapatunay sa pananalig natin sa Diyos.

1. **Bundok bilang simbolo sa Bibliya**:

**1.1** Ang mga bundok ay hindi gumagalaw. Sagisag sila ng katatagan. Kaya, noong sinabi ni Hesus na ilipat ang bundok (Mt.17:20), Siya ay nagpahiwatig ng mga imposible sa tao. Ang ating mga bundok ay maaaring kalungkutan, pagdududa, karamdaman, kamatayan; sila ang mga hadlang at hamon na dapat nating malampasan sa buhay para maabot ang ating mga hangarin, pangarap at pag-asa.

**1.2** Ang buto ng mustasa ay ang ating maliit ngunit lumalagong pananampalataya. Hindi tayo dapat matakot o masiraan ng loob, dahil ang panalanging may pananampalataya ay maaaring makapaglipat ng mga bundok (Lucas 11:8).

**2. Hindi nagbabago ang Diyos (Mal.3:6**). Ang Diyos na gumawa ng himala sa mga lalaki at sa mga babae sa Bibliya noon ay Siya pa rin ang Diyos natin ngayon. Maaari tayong umasa sa Kanya dahil ibinabahagi Niya ang Kanyang biyaya, pagmamahal at habag sa lahat. Ang Diyos ay laging gising at nagtratrabaho para maisakatuparan Niya ang Kanyang layunin (Jer.1:12).

**3. Mga pinuno ng pananampalataya:** Ang pananampalataya ay banal na regalo. Ito ay ang pananalig o tiwala sa mga bagay na di nakikita (2Cor 5:7). Ang matuwid ay nabubuhay sa pananampalataya. Sila ang mga pinuno na naghahandog ng espirtwal at moral na patnubay at nangunguna sa pampublikong pagsamba at relihiyosong gawain.

**4. Bayani ng Pananampalataya**:

4.1. Si Abraham ay sinubok sa bundok ng Moriah (Gen.22:1-2). Sinunod niya ang utos ng Diyos na ihandog ang kanyang kaisa-isang anak, si Isaac; ito ay isang pagsubok at naipasa niya ito. Pinalitan ng Diyos ng tupa ang anak na ihahandog.

**4.2** Sinabihan ng Panginoon si Moises sa bundok ng Sinai na turuan ang mga Israelita na sundin ang Diyos at panatilihin ang Kanyang Tipan dahil iniligtas sila ng Panginoon sa mga taga Ehipto (Exo.19:3-6).

**4.3** Narinig ni Elias ang tinig ng Diyos sa Bundok Horeb (1 Hari 19:12). Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili kay Elias sa isang "munting tinig." Kadalasan, ang tinig ng Diyos ay marahan; madali nating makaligtaan ito. Kailangan huminto tayo at makinig.

**4.4** Sumadsad ang arko ni Noe sa Bundok Ararat (Gen.8:4). Sinabihan ng Diyos si Noe na gumawa ng higanteng arko upang mailigtas ang kanyang pamilya at mga alagang hayop sa malaking baha na sumira sa sangkatauhan. Kumilos nang may pananampalataya at pagtitiwala si Noe.

**5. Ang babaeng may Dakilang Pananampalataya:** Si Sis.Techie "Soar" Rodriguez ay isang bayani at lider ng pananampalataya. Binuksan niya ang kanyang puso at hinayaang kumilos ang Diyos sa kanya. Nagpagaling at marami rin siyang nagawang himala sa pamamagitan ng kanyag pananalig sa Diyos. Mula sa isang pangitain na nagmula sa Diyos, nabuo ang The Lord's Flock Charismatic Community noong Abril 4, 1986. Dagdag pa nito, ang Heritage Worship at Spiritual Center ay naging realidad pagkatapos niyang sumunod sa pahiwatig ng Banal na Espiritu at ang Bibliya, at sa pamamagitan ng suporta ng isang masunuring komunidad.

**KONKLUSYON:**

Para sa mga taong may matibay na pananampalataya, ang Diyos ay mas malaki kaysa sa mga bundok ng problema/pagsubok. Makapangyarihan ang Diyos at kaya Niyang gawin ang lahat ng nararapat para sa tao.

**PAGNINILAY:**

1. Ano ang iyong mga bundok?
2. Paano mo ililipat ang mga bundok sa iyong buhay?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :**Sis Nida Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Pananampalataya